**Pamagat**: Mga Pagkakaiba.

**Texto**: 1 John 4:4 "Ye are of God, little children, and have overcome them: because greater is he that is in you, than he that is in the world."
*Pagsasalin*: "Kayo'y sa Dios, mumunti kong mga anak, at inyong dinaig sila: sapagka't lalong dakila siyang nasa inyo kay sa nasa sanglibutan." – 1 Juan 4:4

**Panimula**:

1. Sa mga turo ni Apostle Juan, palaging ipinapakita sa atin ang mga pagkakaiba: Gawa ng Diyos, sa gawa ng Diablo, ang mga anak ng Diyos sa mga anak ng Diablo, ang kaalaman ng katotohanan sa paniniwala sa mga maling doktrina.
2. Ang mga pagkakaiba ang bibigyan nating pansin ngayon oras at sa ating yunit o pangkat (1 Juan 4:4-6). Titingnan din nating ang ilang mga praktikal na pag-sasaalang-alang.

**I. Ang mga Pagkakaiba**: (v.4, v.5, v.6)

A. Ang mana na ipinagkaloob sa atin bilang mga anak ng Diyos. "little children"
- ang pagkakaiba natin ay sa kaligtasan. Tayo, sa biyaya ng Diyos ay mga anak ng Diyos.
- iba ang pamana ng mga hindi ligtas. Sila ay makamundo, at galing sa mundo.

B. Ang tawag ni Juan sa atin: "overcomer" – matagumpay; mandadaig; manggagapi.
-sino ang pinagtagumpayan natin? "sila" – mga huwad na propheta; bulaang propheta.
- Matagumpay tayo dahil sa pagsunod sa mga utos/batas ng Diyos at turo ng kanyang mga salita.

C. Ang tagumpay natin ay hindi likas sa ating sarili. Ito rin ay isang pagkakaiba natin.
- "sapagkat higit siyang dakila na nasa inyo" (Jer. 9:24; 1 Cor. 1:31)
Hindi natin ipinagmamalaki ang ating sarili, kundi palagi sa Panginoon.
- "kaysa sa kaniya na nasa sanglibutan" (pansinin nating ang Jn. 16:33).
- Ang laban ay hindi pa tapos pero ito ay pinasyahan na ng Diyos.
- Ang mga Christiano ay na sa isang matagumpay na position kay Cristo!

D. Ang Banal na Espiritu at ang espiritu ng anticristo. (v.3) o espiritu ng kamalian (v.6b).
- Ang mundo na pinaguusapan dito ay ang systema o lipunan o samahan ng mga sumasalungat o tumututol sa Diyos. Ito ang mundo na ang Pangulo ay si Satanas (Jn. 12:31).
- Kaya dapat subukin ang makamundong: opinyon, prinsipyo, layunin, halaga, aral.

E. Ang pinakikinggan ng mga Christiano at ang pinakikinggan ng mga makundo. (v.5-6).
- Tingnan din ang mga sinabi ni Jesus (Jn. 8:47, 10:27).
- Hindi tayo nakikinig sa mangangaral dahil sa kanyang personalidad, pero dahil siya ay nangangaral ng Salita ng Diyos.
- Ang reaksyon o tugon ang nagpapakita kung ikaw ay Christiano o makamundo.

**II. Mga Praktikal na Pag-sasaalang-alang**:

A. Ang mundo ay nangangailangan ng mga iglesya, at mga manggagawa na mga Chrsitiano.
(Matt. 9:37; Lk. 10:2; Jn. 4:35)

B. Dapat ihanda natin ang ating sarili upang matugunan ang hamon ng mahusay na komisyon.
(Matt. 28:18-19).

**Katapusan**:

1. Malalaman natin ang makamundo hindi lamang sa mga maling turo, pero pati na rin sa maling pamumuhay.
2. Nawa i-bless tayo ng Panginoong upang ipagpatuloy natin ang pagiging alerto o mapagbantay.